


7 Parmasiyotiko



Ang isang parmasyotiko ang naghahanda ng gamot sa hospital o botika na nireseta ng doctor. Sila ang nagpapaliwanag at sumasagot sa tanong ng pasyente tungkol sa gamot. Isa sa mahalagang trabaho nila ang masagot ang mga bagay na gustong malaman ng mga pasyente tungkol sa gamot. Malaking tulong at magiging kampakante ang dayuhan kung may parmasyotikong marunong magpaliwanag sa sariling wika. Karamihan sa mga nagtatrabaho dito ay mga kababaihan.

Para maging isang parmasyotiko



【Local university】
Suzuka University of Medical Science

<Maagang preparasyon>

Para makapasok sa paaralan ng pharmasya at pharmaceutical course at makapasa sa national examination, kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Nihonggo.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita. Mahalaga rin ang pag-aaral ng math at science.

<kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Maaring makapagtrabaho sa hospital at drugstore, kumpanya ng gamot at cosmetic company..

Depende sa lugar na pinapasukan ang halaga ng suweldo, at ang average na suweldo nito ay 5,000,000 yen kada taon.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa mga national universities (Pharmaceutical Dept.), aabutin ng mahigit 4,000,000 yen (6 taon) at sa pribadong universities ay aabutin ng mahigit 10,000,000 yen (6 taon) ang magagastos.